

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 12, 2020

Pakikipag-ugnay: Jane Grobaty, Opisyal Community Information Officer,
Jane.Grobaty@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Long Beach Parke ay Nag-aalok ng Programa ng Serbisyo sa Pagkain sa Tag-init ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos para sa mga Bata at Kabataan

Long Beach, CA - Para sa ika-41 na sunod-sunod na taon, ang Kagawaran ng Parke, Libangan at Marine ng Lungsod ng Long Beach (PRM, inisyal sa Ingles) ay mag-aalok ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos (USDA, inisyal sa Ingles) Programa ng Serbisyo ng Pagkain sa Tag-init (SFSP, inisyal sa Ingles), na magbibigay ng libre, masustansyang pagkain sa mga bata at kabataan ng Long Beach sa mga buwan ng tag-init.

“Ang Programang Serbisyo sa Pagkain sa Tag-init ay nagbibigay ng mga masustansyang pagkain sa mga bata sa mga buwan ng tag-init kapag ang paaralan ay wala sa sesyon,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Salamat sa mga tauhan sa Parke, Libangan, at Marine at ang ating mga kasosyo sa USDA, ang aming kabataan ay magkakaroon ng access sa mga libreng pagkain limang araw sa isang linggo sa 33 mga lokasyon sa buong Long Beach.”

Simula Hunyo 15 hanggang Agosto 21, 2020, magbibigay ang PRM ng libreng pagkain para sa mga bata at kabataan Lunes hanggang Biyernes, 11:30 a.m. hanggang 12:30 p.m. (hindi kasama ang Biyernes, Hulyo 3, 2020) Ang pagkain ay para sa lahat ng mga bata at kabataan sa pagitan ng isa hanggang 18 taong gulang. Ang mga pagkain para sa sanggol ay hindi kasama.

Magsasagawa ang PRM ng “Grab n Go” na serbisyo, na katulad ng ipinagkaloob ng Long Beach Unified School District habang may pasok sa eskwelahan, kung saan ang mga kasali ay tumatanggap ng frozen na pagkain na maaaring initin sa bahay sa pamamagitan ng microwave o oven. Kasama rin sa mga pagkain ang mga malamig na sangkap tulad ng gatas, juice, mga prutas at gulay.

Ang Programa ng Serbisyo sa Pagkain sa Summer ay nagsimula sa Long Beach noong 1979 at mula noon ay nakapagbigay ng mga pagkain sa higit sa dalawang milyong kabataan.

Upang makita ang kumpletong listahan ng mga lokasyon kung saan ang mga pagkain ay binibigay at para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [PRM website](#) o tumawag sa Opisina sa Pagkain sa Summer sa 562.570.3226.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod n Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media para sa pinakabagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

Tungkol sa Long Beach Parke, Libangan, at Marine

Ang Kagawaran ng Parks, Recreation at Marine ng Long Beach (PRM, inisyal sa Ingles) ay kinikilala para sa kahusayan sa mga kasanayan at programa sa pamamahala, na nakatanggap ng National Parks at Recreation Association Gold Medal Award ng apat na beses. Ang PRM ay nagbibigay ng mga programa sa paglilibang at serbisyo sa mga residente at bisita, na angpapabuti sa kalidad ng buhay sa Long Beach. Ang PRM ay nagpapanatili ng 171 na mga parke na may 26 na mga sentro ng komunidad, 320 ektarya ng bukas na espasyo at 6.1 milya ng mga beach; nagpapatupad ng Planong Bukas na Espasyo ng Lungsod; nagbibigay mga pagkakataon sa libangan upang matugunan ang magkakaibang mga pangangailangan sa komunidad; nagpapanatili ng pampublikong marinas; at nagbibigay pampublikong kaligtasan at makataong pagtrato sa mga hayop.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Long Beach Parks, Recreation at Marine, bumisita sa <http://www.longbeach.gov/park>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

###